Ang dokumentong ito ay naglalaman ng mga larawang grapikong sekswal at maaaring hindi angkop para sa ilang mga mambabasa.

Ang eksaktong paraan ng paggamit ng condom ay makakabawas sa panganib na makakuha ng Zika mula sa pakikipagtalik

Condom, Mga Dapat Gawin at Mga Hindi Dapat Gawin

- ✓ DAPAT gumamit ng condom sa tuwing makikipagtalik.
- ✓ DAPAT maglagay ng condom bago makikipagtalik.
- ✓ DAPAT basahin ang pakete at tingnan ang petsa ng pag-expire.
- ✓ DAPAT siguraduhing walang mga punit o depekto.
- ✓ DAPAT na iimbak ang mga condom sa isang malamig, tuyong lugar.
- ✓ DAPAT gumamit ng mga latex o polyurethane na condom.
- ✓ DAPAT gumamit ng water o silicone-based na lubricant para maiwasan ang pagkasira.

- ✗ HINDI DAPAT mag-imbak ng mga condom sa iyong pitaka dahil maaaring masira ito ng init at pagkikiskis.
- ✗ HINDI DAPAT gumamit ng nonoxynol-9 (isang spermicide), dahil maaaring maging dahilan ito ng iritasyon.
- ✗ HINDI DAPAT gumamit ng mga oil-based na produkto tulad ng baby oil, lotion, petroleum jelly, o oil na pangluto dahil magiging dahilan ito ng pagkasira ng condom.
- ✗ HINDI DAPAT gumamit ng higit pa sa isang condom sa isang pakikipagtalik.
- ✗ HINDI DAPAT gamitin ulit ang isang condom.

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES USA
CDC

Paano Ilagay at Tanggalin ang isang Condom na Panlalake



Maingat na buksan at ilabas ang condom mula sa pambalot.



Ilagay ang condom sa ulo ng nakatirik at matigas na ari. Kung hindi tuli, hilahin muna pabalik ang foreskin o lambe.



Pakupisin palabas ang hangin sa dulo ng condom.



I-unroll ang condom pababa sa ari.



Pagkatapos ng pakikipagtalik ngunit bago pa tanggalin, hawakan ang condom sa may ibaba at ilabas ang ari.

Maingat na tanggalin ang condom at itapon sa basurahan.

Wikang Ingles, Bersyong Maa-access:
http://www.cdc.gov/zika/pdfs/condomusepalmcard2.pdf

CS265664-D